

Tayo na sa **AKLATAN!** Matuto
at palawakin ang kaalaman.

Ang kard ay magagamit sa mga aklatan ng 2 syudad at 2 bayan

Nakakatuwang makakita ng magandang libro sa tindahan. Subalit kung may panahon kang pumasyal sa aklatan, maaari kang makahiram ng anumang librong naisin mo. Ang Aklatan ay nagbibigay ng samu't-saring impormasyon at kaalaman ukol sa lahat ng bagay na pandaigdig.

Kung may isang kard kayo, maaari ninyong gamitin sa mga aklatan o libraries

Ang mga Aklatan o Libraries ay para sa lahat, bata o matanda. Maaari itong gamitin sa pagbabasa ng dyaryo at magasin, gayundin para sa mga pagsasaliksik at takdang-aralin ng mga bata. Ang isang nakarehistrong kard ay maybisa saan mang aklatan ng Fujimishi, Kamifukuokashi, Oimachi at Miyoshimachi. Maaari kang pumunta sa alinmang aklatan sa distrito at makahiram ng libro, dyaryo o magasin.

Paano makakakuha ng rehistradong kard

Ang pagpaparehistro ay simple lang. May "Application form" na makukuha sa aklatan. Sagutan at ipasa ang form sa mga empleado ng aklatan. Kung may mga katanungan, maaaring magtanong sa mga empleado.

Kailangang magdala ng mga katibayan na magpapakita ng iyong pangalan at tirahan, gaya ng foreign registration card, health insurance certificate o anumang resident identification. Maaaring makuha agad ang kard at gamitin. Ito ay libre.

Gaano karami at katagal

10 libro, magasin o mga kuwentong may litrato(kamishibai) sa loob ng 15 araw. (Walang limitasyon sa ibang aklatan. Magtanong sa mga kawani ukol sa limitasyon.)

Dalawang videos, CD o cassettes sa loob ng 8 araw.

Paano isauli

Mga libro, magasin o mga kuwentong may drawing (kamishibai) • • • Ilagay sa service counter ng mga aklatan (Tsuruse Nishi branch , Fujimino branch o iba pa) o sa mga book posts inilaaan ng siyudad.

Mga videos, CD o cassette • • • Isauli kapag nagbukas ang aklatan. Hindi maaaring isauli sa mga book posts.

Kung ang aklatan ay sarado, maaaring isauli ang mga libro, magasin o kuwentong may drawing (kamishibai sa mga book posts sa labas ng mga aklatan. (Tsuruse Nishi branch, Fujimino branch o iba pa) o sa book posts na inilaan ng siyudad.

Para sa mga katanungan, oras ng bukas ng mga aklatan sa 2 syudad at 2 bayan

Fujimi municipal library 252-5825, Martes~Biyernes(9: 30~19:00)Sabado~Linggo(9: 30~17:00)

Kamifukuoka civic library 262-3710, Miyer., Biyernes, Sabado, Linggo (9: 30~17:00)

Martes, Huwebes (9:30~19:00)

Oi municipal library 263-1100 **Miyoshi municipal library** 258-6464

Sarado ng Lunes, katapusan ng buwan, mga pista (bukas ng Sabado o Linggo) iba pang mga araw at sa katapusan ng taon at pista ng bagong taon.(Diyem. 28~Enero3)